Balita mula sa Houseproud

Ipinakikilala ang Houseproud

Kung ang bahay ninyo ay nangangailangan ng kumpuni, pagsasaayos o pagbabago, makakatulong ang Houseproud.

Alam naming malaking trabaho ang pagpapagawa ng bahay, lalo na't mapapasukan pa ng mga di-sanay na mga trabahador, at problema pa kung magkano ang dapat talagang ibayad. Kaya nga ba't maraming tao ang nag-aatubiling magpagawa.

Salamat sa Houseproud, mayroong garantisado at maalwang paraan ng pagpapagawa na propesyunal at hindi maligalig. At kung problema ang pera, makakatulong din ang Houseproud.

Sari-saring pautang ang makukuha sa Houseproud. Hindi lang sila magaang bayaran at angkop sa pangangailangan ng mga matatanda at mga may kapansanan, mayroon ding garantiya na hindi babawiin ng kumpanya ang bahay, anuman ang mangyari.

Ang Houseproud ay nasa pamamahala ng isang grupo ng mga organisasyong 'walang-tubo' na pinamumunuan ng inyong Council. Tanging layon nila ay matulungan ang mga may-ari ng bahay na 60 anyos o higit pa, o mga pamilyang mayroong may-kapansanan – sa pagkumpuni, pagsasaayos o pagbabago ng kanilang tahanan, upang patuloy silang mamuhay nang ligtas at malaya.

Paano tumatakbo ang Houseproud?

Mula simula hanggang katapusan, kumpleto ang serbisyong ibibigay ng Household sa pagpapabuti ng bahay, at mayroong personal na atensiyon.

Bibigyan kayo ng sarili ninyong tagapayo mula sa Household. Kakausapin kayo kung anong mga pagpapaayos, kumpuni at pagbabago ang kinakailangan. Aalamin din nila kung kayo ay kwalipikadong tumanggap ng ganitong uri ng tulong.

Papupuntahin ng Council sa inyong bahay ang tagapayo upang suriin kung ano ang dapat gawin, at magkano ang maaaring magasta. Kapag nagkasundo kung paano ninyo ito babayaran, magpapadala ang Council ng mga mahusay na manggagawa upang masimulan ang trabaho.

Paano ko babayaran ang trabaho?

Sa tulong ng Houseproud, makakakuha kayo ng utang na magaang bayaran at ligtas, at naaangkop sa pangangailangan ng mga may-edad at may-kapansanan.

Sa Houseproud, bahagi ng halaga ng inyong tahanan ay magagawang pautang upang sagutin ang halaga ng pagpapagawa. Ang inyong kalagayan ay isasaalang-alang sa pagpili ng klase ng pautang. Sa ilang kaso, hindi kailangang bayaran nang buo habang kayo ay buhay pa. Ang inyong inutang, pati na ang interes, ay aawasin sa halaga ng inyong bahay kapag ito'y ibebenta na.

Kapag batid na ninyo kung magkano ang kailangan, tutulungan namin kayo sa pagkuha ng utang.

Paano kung hindi ko kailangang mangutang?

Walang problema. Kung mas gusto ninyong gamitin ang inyong naipon, o kaya'y makakahiram kayo ng pera sa ibang lugar, magagamit pa rin ninyo ang serbisyo ng Houseproud nang hindi uutang sa amin.

Anong klaseng mga utang ang makukuha?

Tatlo ang pangunahing anyo ng pautang:

- **Pautang na Kapital**
- **Pautang sa interes lamang**
- **Pautang na pambayad sa kapital at interes**

Pautang na kapital:

Hindi kailangan ang regular na pagbabayad sa ganitong klase ng pautang.

Kailangan lamang bayaran ang utang kapag naibenta na ninyo ang inyong bahay. Kapag naibenta na ito, halimbawa'y sa inyong pagkamatay, kukunin ng bangko o ng building society ang orihinal na halaga ng pautang (kapital), pati lahat ng naipong interes, mula sa presyo ng pagkakabenta. Kung magkano ang matitira ay depende sa kung magkano ang itinaas ng halaga ng inyong bahay sa buong panahon ng pagkakautang.

Maaari ding magsimulang magbayad nang mas maaga kung nais ninyo – una'y ang interes ang buong utang at anumang interes na naipon. Walang multa sa maagang pagbabayad, maliban sa unang taon, at ang sisingilin ay hanggang dalawang buwang interes.

Ang utang na ito ay para doon sa mga walang-asawa at mga mag-asawang 75 anyos o mas matanda pa. Kailangang gumawa ng sabay na aplikasyon ang mag-asawa.

TIYAKIN NA ANG PAUTANG NA ITO AY TUTUGON SA INYONG PANGANGAILANGAN KUNG NAIS NINYONG LUMIPAT O MAGBENTA NG BAHAY, O KAYA'Y IPAMAMANA SA INYONG PAMILYA. KAPAG KAYO'Y MAY DUDA, HUMINGI NG INDEPENDIYENTENG PAYO.

Pautang sa interes lamang

Interes lamang buwan-buwan ang inyong babayaran. Babayaran ninyo ang interes hanggang maibenta ang bahay. Hindi lumiliit ang aktwal na kapital na inyong hiniram, at babayaran nang buo kapag naibenta na ninyo ang bahay.

Kapag naibenta na ito, kukunin ng bangko o building society ang halaga ng orihinal na pautang – pati na ang naipong interes – mula sa napagbentahan upang mabayaran ang pagkakautang.

Maaari ninyong bayaran ang utang kahit kailan ninyo gusto. Patuloy pa rin ninyong babayaran ang interes sa pagkakautang hanggang mabayaran ang kabuuan.

Maaaring bayaran ang buong utang at interes anumang oras, nang walang multa, maliban sa unang taon, at may ilang bangko o building society na sumisingil nang mga dalawang buwang interes.

Ang pautang na ito ay para sa mga walang-asawa o mga mag-asawang 60 anyos o higit pa, o kaya'y mga pamilyang mayroong may-kapansanan anuman ang edad.

Pautang na pambayad sa kapital at interes

Tuwirang pautang ito. Ang buwanang bayad ay para sa interes at bahagi ng orihihal na halagang inutang (kapital).

Mag-uusap kayo ng nagpapautang kung gaano katagal ninyo babayaran. Kung mas maigsi, mas mataas ang buwanang bayad, pero siyempre mas maagang mababayaran ang utang.

Ang pautang na ito ay para sa mga walang-asawa o sa mga mag-asawang 60 anyos o higit pa, o mga pamilyang mayroong may-kapansanan anuman ang edad.

Magkano ang interes sa pautang?

Ang interes ay magbabago sa pagdaan ng panahon. Malalaman ninyo ang aktuwal na interes kapag kukunin na ninyo ang pautang. Aabisuhan kayo kapag nagbago ang interes.

Paano ko matitiyak kung alin ang pinakamabuting pautang para sa akin?

Sapagkat nais naming pumili kayo nang tama, may libreng serbisyo ang Houseproud na Independiyenteng Tagapayong Pampinansya. Ang kanilang nakasulat na ulat ang magrerekomenda ng pinakamainam na klase ng pautang para sa inyo.

Mungkahi naming pag-usapan din ninyo ng inyong pamilya, o kung kailangan, ng inyong abugado, ang iba't ibang klase ng mauutang.

Nakabalita na ako tungkol sa mga problema ng ibang mga programa sa pautang. Paano ko matitiyak na mahusay ang sa inyo?

Ang Houseproud ay suportado ng inyong lokal na Council at mga kapartner ninyo, at tanging layunin nila ay tulungan kayong mamuhay nang ligtas at malaya sa sarili ninyong tahahan.

May panganib bang mailit ang aking bahay?

Hindi kailanman maiilit ang inyong bahay sa Household. Lahat ng pautang ay may mahigpit na garantiyang hindi maiilit ang inyong bahay habang tinitirhan ninyo ito.

Gaano kalaki ang mauutang ko?

Ang inyong kita at ang halaga ng inyong bahay ang pagbabasehan ng inyong mauutang. Kalimitan, ito'y mula sa £3,000 hanggang sa 30% mg kasalukuyang halaga ng inyong ari-arian.

Kailangan lamang naming tiyakin, para sa inyong kapakanan, na ang pinili ninyong pautang ay

inyong mababayaran nang hindi kayo nasasagad nang husto.

Kailangang ko bang magpaseguro?
Oo. Kapag umutang kayo, kailangang nakaseguro ang inyong bahay.

Sa Pautang na Kapital, kapag kayo'y nakaseguro sa isang kumpanyang iba sa inyong inutangan, baka pagbayarin kayo ng bangko o ng building society ng £10 na bayad sa administrasyon taun-taon, bilang bahagi ng kontrata. Para sa ibang mga utang, kapag hindi bangko o building society ang aayos ng seguro, maaari silang sumingil ng minsanang £25.

Kailangang ba ang eksaminasyong medikal?
Hindi kayo hahanapan ng ebidensiya ng kalusugan. Gayunman, sa mas bata sa 60 anyos, kailangan naming matiyak na mayroong may-kapansanan sa pamilya.

Kwalipikado ako para sa Disabled Facilities Grant – makakautang pa ba ako sa Houseproud?
Oo. Kapag kayo ay kwalipikado sa Disabled Facilities Grant, matutulungan kayo ng Houseproud na makautang ng kinakailangang bahagi ninyo sa gastos sa pagpapagawa o kaya'y anumang gastos na hindi sakop ng grant.

May limitasyon ba sa edad?
Kung nais ninyong umutang para sa kapital at interes, kailangang 60 anyos o higit pa kayo, o kaya'y mayroong may-kapansanan sa inyong pamilya. Para sa mga mas matanda, 75 anyos o higit pa, makakautang sila ng pang-kapital lamang.

Ano pa ang mga dagdag na gastos?
May mga gastos sa balwasyon ng bahay, legal at administrasyon. Nakipagnegosasyon ang Houseproud upang gawing mas mababa ang mga gastos na ito. Ipaaalam sa inyo ang mga gastos na ito bago kayo magpatuloy – sisingilin lamang kayo sa gastos kapag nagpasya kayong magpatuloy – at ang mga gastos na ito ay maaaring idagdag sa pautang upang hindi ninyo magalaw ang inyong naipon. Mayroon ding payong pampinansiya kung paano babalikatin ang mga gastos na ito. Mabibigyan kayo ng payo ng Houseproud tungkol dito.

Anong klaseng pagpapagawa ang maitutulong ng Houseproud?
Narito ang ilang halimbawa:

- Bagong banyo
- Paglalatag ng bagong kawad ng koryente
- Sentral na init
- Bagong bubong
- Pagpapalit ng bintana at pintuan
- Bagong alulod
- Mga tubo sa kusina at kubeta
- Binagong kusina
- Pinabuting sistema ng seguridad
- Paglalagay ng pasilidad para sa mga may-kapansanan sa pamilya
- Mas matipid na sistema ng enerhiya sa inyong tahanan

Ano ang maitutulong ng Houseproud?
- Personal na tulong at suporta mula sa inyong sariling tagapayo mula sa Houseproud
- Mahusay na gabay mula sa isang Independiyenteng Tagapayong Pampinansiya
- Serbisyo ng mga tauhang teknikal, kabilang na ang pagbisita sa inyong bahay at programa ng trabahong nakalista ang gastos
- Mga batikan at maaasahang manggagawa
- Tumpak na inspeksiyon ng gagawing trabaho. Babayaran lamang ang mga manggagawa, kapag ang kanilang trabaho ay umaayon sa kasiya-siyang pamantayan.

May nais pa ba kayong malaman?

Punuin lamang ang kalakip na kard na bayad na ang selyo, o kaya'y tumawag nang libre sa aming telepono bilang **0800 7837569** at padadalhan namin kayo ng isang libreng pakete ng impormasyon at video.

Lahat ng aplikante ay bibigyan ng Houseproud ng pantay-pantay na konsiderasyon, anuman ang kanilang lahi, kulay, pinagmulang komunidad o bansa, kasarian, estado sa buhay, oryentasyon sa seks, edad, o kapansanan.

Ang libritong ito ay kailangang basahin kasabay ang nakahiwalay na pahinang may detalyadong datos tungkol sa mga interes. Makakahingi sa amin ng nakasulat na talaan. Kapag wala ang pahinang ito, tumawag nang libre sa **0800 783 7569**.

Nasa peligrong mawala ang inyong tahanan kapag hindi ninyo babayaran ang anumang pagkakautang na kaugnay nito.